Kami, ang mga tagapangasiwa, mga empleado at mga ahente ng GEAR For Sports® ay aban sa paggamit ng mga sweatshop at sa lahat ng mga mapagmalabis na gawi sa trabaho.

Kami ay nangangako ng patuloy na pagpapabuti ng mga kalagayan sa pagtrabaho, ng mga suweldo at mga benepisyo para sa lahat ng manggagawa na gumagawa ng mga produkto namin.

Tinatanggap namin ang mga sumusunod na alituntunin para sa pangangasiwa at iniuutos sa lahat ng foctory associates at suppliers na sundin itong mga alituntunin bilang batayan ng mga pamantayan.

MGA ALITUNTUNIN PARA SA PANGANGASIWA

Kapangyarihan ng Bansa
Kinikilala namin ang kapangyarihan ng lahat ng bansa na may opisyal na pakikipagkalakalan sa Estados Unidos at sumasang-ayon kami na sundin ang mga batas at mga patakaran ng mga bansang ito.

Sapilitang Pagtatrabaho
Kinikilala namin na ang pang-aalipin at ang paggamit ng mga manggagawa na hindi binabayaran ay mga kasamaan na hindi namin pahihintulutan kahit kailan at sumasang-ayon kami na sa kailanman ay hindi kami gagamit ng kahit anong klase ng sapilitang pagtatrabaho kabilang ang mga sapilitang pagtrabaho ng mga preso sa kulungan, o anumang klase ng sapilitang pagtrabaho na hindi binabayaran.

Pagtatrabaho ng mga Bata
Kinikilala namin na kinakailangang papag-aralin ang lahat ng bata at kinakailangang matamasa nila ang kanilang kabataan at hindi magtrabaho, at sumasang-ayon kami na hindi gagamit ng manggagawa na wala pa sa 15 taong gulang (14 na taong gulang sa mga bansa na 14 ang legal na pinakabatang gulang) o mas bata pa sa gulang na nakakasagabal sa gulang na sapilitan ang pagpasok sa paaralan.

Diskriminasyon
Kinikilala namin na ang lahat ng tao ay pantay-pantay at sumasang-ayon kami na walang manggagawa ang pakikitunguhan nang masama dahil sa kanyang kasarian, lahi, relihiyon, gulang, pagkabaldado, bansang pinagmulan, paniniwalang pampulitika o piniling kasarian. Ang mga pinagtatrabahuhan ay hindi mag-uutos na magpa-iksamen ang mga babaing empleyado para malaman kung sila ay buntis, maliban kung iniuutos ng batas ng bansa.

Panggugulo o Pagmamalabis
Kinikilala namin ang dangal ng lahat ng tao at sumasang-ayon kami na ang lahat ng manggagawa ay tatratuhin sa makatarungang paraan at igagalang. Walang manggagawa ang magdaranas ng parusang pangkatawan, panggugulong sekswal o ng pagmamalabis sa pangkaisipan.

Suweldo at mga Benepisyo
Kinikilala namin ang pananagutan na bayaran ang mga manggagawa ng pinakamababang halaga ng suweldo na naaayon sa batas o ang umiiral na kinaugaliang halaga, kung alinman ang mas mataas. Kinikilala namin ang mga binepisyo na kailangang ibigay sa mga manggagawa at hinahamon namin ang mga may-ari ng pabrika na mangako para sa pa isa-isang hakbang ng pagpapabuti ng suweldo para sa kanilang mga manggagawa habang sila ay nakikipagkumpitensiya sa pamilihang pangdaigdig.

Mga Oras ng Pagtrabaho
Kinikilala namin na ang mga tao ay nagtatrabaho para mabuhay, sila ay hindi nabuhuhay para magtrabaho, at dahil dito, kailangan silang bigyan ng makatwirang panahon para magpahinga. Maliban sa mga hindi pangkaraniwang kalagayan, kami ay sumasang-ayon na takdaan ang mga oras ng pagtrabaho ng wala pa sa 48 oras at 12 oras na overtime sa bawa't linggo o mga regular at overtime na oras na ipinag-uutos ng batas. Ang mga manggagawa ay kinakailangan ring may hindi kumukulang sa isang araw ng day off tuwing pitong araw ng pagtrabaho. Sumasang-ayon kami na ang bayad sa overtime ay hindi bababa sa karaniwang halaga ng suweldo at kailangang mataas ang bayad kapag ito ay kinaugalian, o nasa umiiral na halagang ayon sa batas, kung alinman ang mas mataas.

Kalayaan ng Pakikisapi:
Kinikilala namin ang mga karapatan ng mga manggagawa na gamitin ang kanilang mga naaalinsunod sa batas na karapatan sa kalayaan ng pakikisapi at kasunduang sama-sama at ipinagbabawal ang paghihiganti laban sa kahit sinong manggagawa na nagtatatag ng mga samahan.

Kalusugan at Kaligtasan
Kinikilala namin ang pananagutan na magkaloob ng isang lugar na pinagtatrabahuhan na walang-panganib na ang mga manggagawa ay napapangalagaan laban sa mga aksidente at mga panganib, at sumasang-ayon kami na kasama rin ang mga tinitirahan ng mga manggagawa kung saan naangkop itong walang-panganib at pinangangalagaang kapaligiran.

Malayang Pagmomonitor
Kinikilala namin ang pagiging mabisa nitong mga alituntunin ay nababatay sa malaya at bukas na pakikipagbatiran ng mga panig na may-pananagutan. Kailangang iakma ng mga may-ari at mga tapapangasiwa ng pabrika ang mga programa ng malayang pagmomonitor para masigurong sumusunod sa mga pamantayang ito.

Kapaligiran
Kinikilala namin na karapat-dapat igalang ang lahat ng lupa at mga ilong at nangangako kaming pangangalagaan ang kapaligiran. Nangangako kami na susundin ang lahat ng mga patakaran ng bansa at ng lokal na pamahalaan na nauukol sa pangangalaga sa kapaligiran.

Pagsunod sa Customs
Kinikilala namin na kinakailangan ang katapatan at kawastuhan sa pagsunod sa mga patakaran ng U.S. Customs. Sumasang-ayon kami na sundin ang lahat ng naaangkop na mga batas at patakaran lalo na iyong mga nauukol sa illegal na transhipping, pagdaraya sa quota, at pagpalsipika sa mga kasulatan na nauukol sa mga pangangalakal.

Ito ang aming mga pinakamababang pamantayan na kinakailangang sundin ng lahat ng aming factory associates at suppliers. Nirereserba ng GEAR For Sports ang karapatan na wakasan ang anumang kaugnayan sa mga hindi sumusunod sa mga pamantayang ito.

www.GEARnosweat.com